

Accredited na Konsulta Providers sa SOCCSKSARGEN, dumarami

By Hanah G. Naanep, PRO XII

Updated September 19, 2022.

Note: An earlier version of this story erroneously mentioned Socsargen instead of SOCCSKSARGEN.



Ayon sa pinakahuling datos, nakapagtala na ang PhilHealth Regional Office (PRO) XII ng 48 accredited Konsulta Providers para magbigay ng primary care benefit sa mga miyembro ng PhilHealth.

Ang ilan sa mga bagong accredit na pasilidad ay ang Kidapawan City Hospital, CEM Medical Specialist at Midsayap Diagnostic Center.

Ang Konsulta Package o Konsultasyong Sulit at Tama ay ang pinaigting at pinalawak na Primary Care Benefits ng PhilHealth na naglalayong masiguro na ang bawat Filipino ay makatatanggap ng basic essential services na naaayon sa kanilang edad at pangangailangan. Ito ay upang mapanatili ang maayos na kalusugan at maagapan ang paglala ng anomang karamdaman.

Nakapaloob sa benepisyong ito ang laboratory test tulad ng complete blood count

(CBC), chest x-ray, at electrocardiogram (ECG). Kabilang din ang initial at follow-up consultation, health screening at assessment. Maaari ring makakuha ng mga gamot gaya ng anti-microbial, anti-asthma, antipyretics, anti-dyslipidemia, anti-diabetic, at anti-hypertensive drugs sa mga pasilidad batay sa pagsusuri ng duktur.

Upang magamit ang nasabing benepisyo, kinakailangang magpatala ang miyembro sa isang accredited na provider para sa isang buong taon. Para sa kumpletong listahan ng mga accredited na Konsulta provider, bisitahin ang PhilHealth website na www.philhealth.gov.ph.

Patuloy namang hinikayat ng PhilHealth ang mga Level 1, 2, at 3 pampubliko at pribadong pagamutan, non-hospital facilities tulad ng rural health units, ambulatory surgical clinics at infirmaries na makiisa at magpa-accredit bilang Konsulta provider upang mas marami pang Filipino ang makinabang sa benepisyong ito. ###